## Tala: 1

Biopsy ng Suso(includes abstract) Abouzied M; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052421

Abstract: Ang biopsy ng suso ay ang pagtanggal ng sample ng tissue ng suso. Pagkatapos ay susuriin sa laboratoryo ang tinanggal na tissue. Ang biopsy ng suso ay ginagawa sa pamamagitan ng: Needle aspiration—ipinapasok ang isang karayom sa bukol, at tinatanggal ang likido at/o tissue upang maeksamen ; Open biopsy—ginagawa ang isang hiwa sa suso, at tinatanggal ang kapiraso ng tissue o buong bukol upang maeksamen

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Biopsy ng Suso

**(Breast Needle Aspiration)**

ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag


[View English Version]

## Kahulugan

Ang biopsy ng suso ay ang pagtanggal ng sample ng tissue ng suso. Pagkatapos ay susuriin sa laboratoryo ang tinanggal na tissue. Ang biopsy ng suso ay ginagawa sa pamamagitan ng:

- Needle aspiration—ipinapasok ang isang karayom sa bukol, at tinatanggal ang likido at/o tissue upang maeksamen
- Open biopsy—ginagawa ang isang hiwa sa suso, at tinatanggal ang kapiraso ng tissue o buong bukol upang maeksamen

**Pagkuha sa pamamagitan ng karayom**




*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

## Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

Suso

## Mga Dahilan para sa Proseso

Ginagawa ang biopsy ng suso upang maeksamen ang kahinahinalang bahagi ng suso. Maaaring tukuyin ng biopsy ang bahagi bilang banayad na tumor (hindi nagiging cancer) o nakamamatay na tumor (nagiging

cancer) Maaari itong gawin kung matagpuan ang alinman sa mga sumusunod:

- Bukol
- Pangangapal ng tissue
- Calcification
- Abnormalidad ng utong
- Lumalabas na likido mula sa utong
- Di-normal na imahe sa ultrasound o mammogram

**Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso**

- Labis na katabaan
- Paninigarilyo
- Kakulangan ng nutrisiyon
- Talamak na karamdaman o panghihina
- Karamdamang pagdurugo
- Diabetes

**Anong Maaasahan**

## Bago ang proseso

Malamang na gagawin ng iyong doktor ang mga sumusunod:

- Eksaminasyong pisikal, lalo na ang eksaminasyon ng suso
- Mga pagsusuri sa dugo
- Mammogram at/o ultrasound ng suso

Sa mga araw palapit sa iyong proseso:

- Sa gabi bago nito, kumain ng hindi masyadong nakakabusog na pagkain at huwag kumain o uminom ng anuman paglampas ng hatinggabi.
- Maaaring hingin sa iyong maligo sa umaga ng iyong proseso gamit ang espesyal na sabon pangontra sa bacteria

## Anesthesia

Maaaring local para sa needle aspiration o general anesthesia para sa open biopsy

## Paglalarawan sa Proseso

## Pagkuha sa pamamagitan ng karayom

Lilinisin ang balat sa ibabaw ng bahagi. Maaaring iiniksiyon ang local anesthetic. Ipinapasok ang karayom na ginagamit sa biopsy at tinatanggal ang likido at/o tissue. Maaaring tanggalin at ipasok nang ilang ulit ang karayom na ginagamit sa biopsy upang kumuha ng mga sample mula sa iba't ibang parte. Kapag tinanggal na ang karayom sa huling sandali, inilalapat nang saglit ang puwersa sa bahagi. Tinatakpan ang tinusok na bahagi ng maliiit na bendang may puwersa.

## Open Biopsy

Bibigyan ka ng pampatulog at alinman sa general o local anesthesia upang maging manhid ang bahagi. Lilinisan ang balat sa ibabaw. Gagawin ang maliit na hiwa sa bahagi. Tatanggalin ang sample ng tissue o ang buong bukol. Pagkatapos ay isasara ang hiwa gamit ang mga tahi o pang-ipit, at tatakpan ng bendang may

bahagyang puwersa.

## Needle Localization

Sa ilang mga kaso, maaaring napakalalim ng bukol sa loob ng suso upang masalat ng mga darili ng sumusuri, ngunit makikita sa mammogram o ultrasound. Ginagamit ang isang paraang tinatawag na "needle localization." Sa oras na matukoy ng mammogram, MRI , o ultrasound ang eksaktong kinaroroonan ng bukol, inilalagay dito ang pinong karayom. Pagkatapos ay maaari nang ipasok ang ginagabayang alambre sa karayom papunta sa bahaging kukunan ng biopsy. Maaari ring ipasok ang asul na tinta upang gabayan ang siruhista sa eksaktong tissue na nangangailangan ng eksaminasyon.

## Large Core Needle Biopsy

Bibigyan ka ng pampatulog at alinman sa general o local anesthesia upang maging manhid ang bahagi. Hihiga ka sa iyong tiyan sa espesyal na lamesa na may bukasan para sa iyong suso. Kukunin ang mga imahe ng x-ray mula sa iba't ibang anggulo upang tumulong na hanapin ang bukol. Ipapasok ang isang alambre sa bukol. Isusuot ang alambre sa malaking pambutas na karayom na ginagamit upang tanggalin ang tissue ng suso. Tatanggalin ang isang silindro ng tissue ng suso para masuri.

## Pagkatapos ng Proseso

Susuriin ng isang patolohista ang sample.

## Gaano Katagal Ito?

1-3 na oras

## Masakit Ba?

Bahagyang masakit ang needle aspiration at wire localization habang ginagawa ang proseso. Sa open biopsy, pinipigilan ng anesthesia ang pananakit.

## Mga Posibleng Kumplikasyon

- Pagdurugo
- Impeksiyon
- Pagpapasa
- Pagpepeklat
- Pinsala sa tissue
- Pagkasira ng porma ng suso
- Pamamanhid sa ibabaw ng bahaging kinuhanan ng biopsy

## Karaniwang Pananatili sa Ospital

Wala

## Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Bibigyan ka ng mga gamot sa pananakit, alinman sa acetaminophen , ibuprofen , o mga nireresetang gamot.
- Makakatulong ang mga mainit na pantapal o pampainit na pad upang maibsan ang kawalan ng ginhawa

- Magsuot ng pangsuportang bra
- Sasabihin sa iyo ng doktor kung gaano kadalas mong papalitan ang mga benda
- Kakailanganin mong limitahan ang ehersisyo nang 2-3 linggo pagkatapos ng operasyon

## Resulta

Matatanggap mo ang mga resulta ng pagsusuri sa loob ng 2-5 araw pagkatapos ng operasyon. Sasabihin sa iyo ng mga resulta kung ang sample ng tissue ng suso ay nagpapakita ng anumang palatandaan ng cancer . Tatanggalin ng iyong doktor ang mga tahi sa loob ng isang linggo pagkatapos ng iyong biopsy.

## Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod

- Pamumula, pamamaga, tumitinding pananakit, labis na pagdurugo, o paglabas ng likido o nana mula sa bahagi ng biopsy
- Pagduduwal at/o pagsusukang hindi mo makontrol sa mga gamot na ibinigay sa iyo pagkatapos ng operasyon, o nagpapatuloy nang mahigit dalawang araw pagkalabas mula sa ospital
- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig
- Ubo, kahirapan sa paghinga, pananakit ng dibdib, malubhang pagduduwal o pagsusuka
- Ang pananakit at/o pamamaga ng inyong mga paa, kalamnan sa binti, o mga binti, biglaang kahirapan sa paghinga o pananakit ng dibdib

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052421